



ASIA
PACIFIC
COLLEGE

— C O N S O R T I U M —

WELL-BEING, SAFETY & SECURITY

Asia Pacific College

Pagtitiyak sa Kalusugan, Kaligtasan, at Seguridad Habang Wala ang Mga Mag-aaral sa APC

Normal lamang na mag-alala sa mga bagay na hindi natin kontrolado. Habang ang mga nakalulungkot na kondisyon katulad ng kakulangan sa pampublikong transportasyon, hamon sa *connectivity*, hindi maabot na mga pangunahing serbisyo, at higit sa lahat, ang mga potensyal na kaguluhan sa ilang mga lugar, pinapayuhan namin ang aming mga mag-aaral na manatili sa bahay at ituon ang kanilang pansin sa *Home Study* para sa nalalabing mga araw ng ika-3 termino.

Sa pag-asang makababalik tayo sa paaralan sa susunod na Akademikong Taon 2020-2021, ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya upang mabigyang kasiguraduhan ang buong komunidad na tayo isa sa mga nag-oobserba ng mga paalala at hakbangin upang mapangalagaan ang kalusugang pisikal at pangkaisipan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga *protocol*.

Paano natin sinusuportahan ang kagalingan ng ating mga mag-aaral sa panahong puno ng pagkabagabag?

Ang mga *Guidance Counsellor* ng Asia Pacific College ay maaaring magbigay ng konsultasyon sa pamamagitan ng *electronic mail (e-mail)* at *mobile phone*. Malugod nilang ilalaan ang kanilang oras upang makinig at makipag-usap sa ating mga mag-aaral na nangangailangan ng suporta at makakausap sa mga oras na ito.

Mr. Arnold Francis N. Oriño – Head, Guidance Office

Email: arnoldfranciso@apc.edu.ph

MP: (0917) 825-7131

Ms. Angel E. Arca – Guidance Counselor

Email: angela@apc.edu.ph

Sila ay panaka-nakang magpapadala ng mga *poster* at iba pang mga paalala sa pamamagitan ng *social media* sa pag-asang makatutulong ito upang maibsan ang takot at pagkalungkot na dulot ng pandemyang ito.



Figura 1. Caring for Mental Health posts in APC's Facebook account

Ano-ano ang mga ginawang hakbang ng APC na tumutugon sa Pangkaligtasan, Seguridad at Kalinisan?

Bago pa lamang itaas ang *Enhanced Community Quarantine (ECQ)*, ang APC ay bumuo ng mga pinabuting prosesong pangseguridad at kalinisan na kalaunan ay magiging basehan ng mga bagong patakaran, pamamaraan at *protocol*.

Kabilang dito, ang mga naka-iskedyul na paglilinis ng mga dingding, pagpupunas ng sahig, *contact area wiping*, pagpupunas ng mga kagamitan, pagpapatuyo ng mga nalinis na lugar, at pagkakaroon ng alkohol sa mga pasukan ng tao upang maging malinis ang kanilang mga kamay. Patuloy kaming nagdidisenyo ng iba pang mga mekanismo na makakapang-anyaya sa ating buong komunidad na gawin ang kanilang kontribusyon na panatilihin ligtas at malinis ang APC sa lahat ng oras.



Figura 2. Campus-wide sanitation and disinfection

Ang *Enhanced Building Entry Protocol* ay ipatutupad kapag nagbukas na muli ang klase at tanggapan. Bago pumasok sa gusali ang mga mag-aaral at empleyado ng APC, ang mga *bag* at kamay ay i-ispreyan ng alkohol, lahat ay paghuhugasin ng kamay, ang mga sapatos ay dadaan sa *foot bath*, at lahat ay kukunan ng temperatura.



Figura 3. Bag hangers and handwash sinks in Sanitation Walkway

Paano tayo makatutulong sa mga First Responders?

Bagaman ang pandemyang ito ay malinaw na nagdudulot ng matinding kalituhan, hindi nakalilimutan ng APC ang pangunahing tungkulin nito sa lipunan. Tayo ay walang humpay na tumutulong sa ating komunidad at naglaan ng oras at mga kakayahan para sa mga *first responder* dahil sila ang ating mga bagong tagapagligtas at bayani.

PPE Project ng mga APC Dormers

Sa tulong ng *IT Resources Executive Director* at *School of Multimedia & Arts (SoMA) faculty*, nagtulong-tulong ang mga mag-aaral na nakatira sa dormitoryo na gawing kapaki-pakinabang ang kanilang oras sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga kasanayan upang makabuo ng mga COVID-19 *face shield* para sa mga manggagawang *frontliner*.



Pigura 4. Face shield frames printed using 3D printer

Pagsuporta sa Barangay Magallanes

Pinahiram ng APC ang *cafeteria* sa pamunuan ng Barangay Magallanes upang magsilbing sentro ng suportang pang-*logistics* ng mga *relief operations*. Bukod dito, ang APC ay nagbigay ng kuryente para sa mga baraks ng PNP *detachment* na nakatalaga sa SLEX.



Figura 5. Relief operations at APC Cafeteria



Figura 6. Police Barracks for PNP personnel assigned in SLEX